
| MATATAG<br>K to10 Kurikulum<br>Lingguhang Aralin | Paaralan: | Visit DepEdResources.com for More | Baitang: | 4 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | FILIPINO |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | AUGUST 19 - 23, 2024 (WEEK 4) | Markahan: | 1 |


| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabolaryo, kamalayan sa gramatika (denotasyon, konotasyon), pag-unawa sa tekstong naratibo (alamat, pabula, parabula, at anekdota) at tekstong impormatibo (pag-iisa at paglalarawan), paglinang ng mga kasanayang produktibo gamit ang wika upang makalikha ng tekstong tumatalakay sa mga paksaing lokal o rehiyonal na naaangkop sa edad at nagsasaalang-alang sa kasarian batay sa layunin, konteksto, at target na madla. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa pagsasalaysay ng nakawiwiling pangyayari na naglalarawan ng isang lokal o rehiyonal na karanasan (anekdota). |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Mga Kasanayan**<br>A. Nauunawaan ang tekstong naratibong anekdota;<br>B. Nasusuri ang layon ng teksto<br>● magsalaysay (anekdota, tulang pambata, kuwentong-bayan)<br>C. Nagagamit ang angkop na wika sa pagpapahayag na isinasaalang-alang ang edad, kasarian, paksa, at kultura tuwing may binyagan at kasalan<br>D. Nabibigyang kahulugan ang mga tekstong biswal (logo, icons) na namasid at napanood batay sa mga elemento nito. |
| **C. Nilalaman** | **Tekstong Naratibong Anekdota** |
| **D. Integrasyon** | |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO

Filipino.net.ph. (n.d.). Ano ang tekstong naratibo? Retrieved from https://filipino.net.ph/ano-ang-tekstong-naratibo/ Guro Tayo. (n.d.). Ang aming gulayan [PDF file]. Retrieved from https://drive.google.com/file/d/1SMnbpG7llHm6a2xj7rLcGTBeRlHIfSEF/view
Hazelyn24. (n.d.). Anekdota [PowerPoint slides]. Retrieved from https://www.slideshare.net/hazelyn24/anekdotapptx Leogm. (n.d.). Sipilubibo. Retrieved from https://leomargmercado.wixsite.com/leogm/sipilubibo
PinoyDriver. (n.d.). Pedestrian crossing [Image]. Retrieved from https://www.pinoydriver.com/images/question-images/pedestrian- crossing.jpg
Pixabay. (2013). Wash hands [Image]. Retrieved from https://cdn.pixabay.com/photo/2013/04/01/10/55/wash-hands-98641_1280.png
Shutterstock. (2017). Girls and boy's restroom sign for men [Image]. Retrieved from https://www.shutterstock.com/image-vector/girls-boys-restroom-sign-men-600nw-1718091979.jpg
Shutterstock. (2017). Red circle no littering prohibited [Image]. Retrieved from https://www.shutterstock.com/image-vector/red-circle-no-littering-prohibited-260nw-378469147.jpg
Shutterstock. (n.d.). Keep silence symbol on white background [Image]. Retrieved from https://static.vecteezy.com/system/resources/previews/003/611/382/original/keep-silence-symbol-on-white-background-free-vector.jpg
Shutterstock. (n.d.). Road signs [Image]. Retrieved from https://s3.amazonaws.com/cdn.dmv-permit-test.com/images/road- signs/medium/59.jpg
Upstairs right arrow [Image]. (2023). Retrieved from https://newsigns.com.au/cdn/shop/files/Up-Stairs-Right-Arrow.jpg?v=1682393755 YouTube. (n.d.). DZVcELvRtfc [Video file]. Retrieved from https://youtu.be/DZVcELvRtfc

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**1. Maikling Balik-aral**<br><br>**ALAM KO.** Tukuyin kung hugnayan o hindi hugnayan ang pangungusap sa bawat bilang.<br><br>1. Ang parabula ay isang maikling kuwentong may aral dahil kalimitang hinahango mula sa Bibliya.<br><br>2. Ang parabula ay nagiging gabay ng isang taong nahaharap sa pangangailangang mamili o magdesisyon. | (15 minuto)<br><br>Ang bahaging ito ay elaborasyon ng pagtuturo sa implementasyon ng iba't ibang bahagi ng aralin.<br><br>Ang mga tala ay magiging gabay sa mga guro sa paraan ng presentasyon ng aralin at gawain, mungkahing teksto o lunsaran, kagamitan, at |

| | | |
|---|---|---|
| | 3. Hiniling ng bunsong anak na ang manang kanya sa kayamanan ng kanyang ama ay ibigay na sa kanya.<br><br>4. Tayo'y nagsasaya ngayon sapagkat ang kapatid mong namatay ay muling nabuhay.<br><br>5. Nang malaman niya ang sanhi ng kasayahan ay gayon na lamang ang kanyang galit kaya't di napigilan ang kanyang sarili at sinumbatan ang ama. | sanggunian, maging ang bahagi sa proseso ng integrasyon.<br><br>**Mga Tamang Sagot:**<br>1. hugnayan<br>2. di-hugnayan<br>3. di-hugnayan<br>4. hugnayan<br>5. hugnayan |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br><br>**SIPAT-EKSENA.** Panoorin ang video na Bawat Bata ng APO Hiking Society at sagutin ang katanungan.<br>https://youtu.be/DZVcELvRtfc<br><br>**Gabay na tanong:**<br>1. Ano ang iyong naiisip habang pinapanood ang bidyo?<br>2. Tungkol saan ang bidyo na napanood?<br>3. Anong pangyayari sa iyong buhay ang hindi mo malilimutan noong naglalaro ka at bakit?<br><br><br><br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin** | (45 minuto)<br><br>**Mga Tamang Sagot:**<br>1. layon<br>2. anekdota<br>3. biswal<br><br>Ipagamit sa makabuluhang pangungusap ang mga salitang |

| | | |
|---|---|---|
| | **TALASALITA.** Ibigay ang salitang binibigyang kahulugan sa bawat bilang. Kulayan ang nasa kaliwa o nasa kanan na salita ng wastong kasagutan.<br><br> | binigyang-pansin. |

| | | |
|---|---|---|
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br><br>**Kaugnay na Paksa 1: Pag-unawa at Pagsusuri sa Parabula**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>**BASA-UNAWA:** Basahin ang anekdotang Si Pilu Bibo (Anekdota ni Allan M. Utleg) at sagutin ang katanungan kaugnay dito. https://leomargmercado.wixsite.com/leogm/sipilubibo<br><br>**Gabay na tanong:**<br>1. Tungkol saan ang anekdota?<br>2. Sino-sino ang mga tauhan sa anekdota<br>3. Paano binati ni Pilu ang mga kaklase?<br>4. Ano ang naging tugon ng kaniyang mga kamag-aaral?<br>5. Ano ang ginawa ni Pilu habang siya ay papunta sa kaniyang upuan.<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br><br>**Anekdota**<br>Ang tekstong naratibong anekdota ay isang uri ng teksto na karaniwang nagkukuwento ng isang maikli o paminsang pangyayari, karanasan, o kuwento. Karaniwang layunin nito ay maglahad ng isang makulay na pangyayari o karanasan sa isang masining at kaakit-akit na paraan.<br>Ito ay maaaring naglalaman ng mga detalye, mga karakter, mga lugar, at mga pangyayari na nagbibigay-kulay sa kuwento. Sa madaling salita, ang tekstong naratibong anekdota ay isang uri ng kuwento na may layuning magkuwento o magpahayag ng isang karanasan o pangyayari nang masining.<br><br>**Gabay na tanong:**<br>1. Ano ang layon ng tekstong Si Pilu Bibo?<br>2. Paano ito inilahad? | (30 minuto)<br><br>Bigyang laya ang mga mag- aaral na makapagsagot sa gawain at tanungin sa detalye batay sa kanilang mga naging kasagutan.<br><br><br><br><br>(15minuto) |

3. Naging mabisa ba ang paggamit ng mga elemento nito tulad angkop na wika ng tauhan, paglalarawan sa tagpuan, at pangyayari?

(15 minuto)

**Paglalapat at Pag-uugnay**

**HAPPY o SAD.** Tukuyin kung ang sumusunod na kuwento ay tekstong naratibong anekdota o hindi sa pamamagitan ng pagsulat ng biswal na  kung tama at  kung hindi naman:

1. Noong nasa isang fast food chain ako, nagtanong ako sa crew kung mayroon silang vegetarian meal. Nagpakita siya sa akin ng menu at sinabing, “Ito po ang aming vegetarian meal, cheeseburger na walang karne.”


2. Noong bata pa ako, naglaro ako ng taguan kasama ng mga kaibigan ko sa loob ng bahay. Nakatago ako sa ilalim ng kama nang biglang pumasok ang aking ama at nagsimulang maghanap. Hindi niya ako mahanap kahit nasa ilalim lang ako ng kama. Tapos nung aalis na siya, napatae ako dahil sa takot.

3. Tulad ng maraming mga Pilipino isa rin akong mahilig sa laro ng basketball. Ngayon ko talaga napatunayan na gusto ko ang larong ito dahil makalipas ang halos mahigit limang taon na hindi aktibo sa paglalaro ay nasa puso ko parin ang pagmamahal para laruin ang larong ito.

4. Nasabing ang puno ng lansones ay karaniwang makikita sa Luzon. Gayunman, walang gaanong pumapansin dito. Isang araw, isang magnanakaw ng kalabaw ang hinahabol ng mga tao. Napagawi ito sa lansonesan at doon nagtago. Sapagkat gutom na gutom na rin ang magnanakaw sa katatakbo, pumitas siya ng lansones at kumain. Nalason siya. Dinatnan siya ng mga taong patay at may bakas pa ng bula sa bibig. Mula noon, pinagkatakutan ang lansones. Walang nangahas kumain nito.

5. Maganda ang panahon. Mainit ang sikat ng araw. Maaga pa lamang ay gising na si Langgam. Nagluto siya at kumain. Pagkatapos, lumakad na siya. Gaya

| BISWAL | KAHULUGAN |
| --- | --- |
| 1. | |
| 2. | |
| 3. | |

| | | |
|---|---|---|
| | nang dati, naghanap siya ng pagkain. Isang butil ng bigas ang nakita niya. Pinasan niya ito at dinala sa kanyang bahay. Nakita siya ni Tipaklong. “Magandang umaga, kaibigang Langgam”, bati ni Tipaklong. “Kaybigat ng iyong dala. Bakit ba wala ka nang ginawa kundi maghanap at mag-ipon ng pagkain?<br>**IKATLONG ARAW**<br>**Kaugnay na Paksa 2: Tekstong Biswal Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**Hulaan mo, Larawan ko.** Tukuyin ang kahulugan ng mga sumusunod na icon/ biswal.<br>1.  2.  3. <br><br>**Pinatnubayang Pagsasanay**<br><br>**ITALA MO.** Magtala ng iba pang biswal na makikita sa labas ng paaralan.<br><br>**Gabay na Tanong:**<br>1. Ano-ano pang mga larawan ang nakikita niyo sa labas ng paaralan?<br>2. Ano ang kahulugan ng mga larawang ito?<br><br>**Paglalapat at Pag-uugnay** | (15 minuto)<br>Iugnay ang mga larawan at mga naging tugon ng mga mag-aaral sa kanilang karanasan o namamasid sa paligid.<br><br>**Mga Tamang Sagot:**<br>1. paghuhugas ng kamay<br>2. palikuran/ comfort room<br>3. fire extinguisher<br><br>(20 minuto) |

| | | |
|---|---|---|
| | **PIK-KARANASAN.** Pumili ng dalawang larawan sa ibaba at magbahagi ng maikling salaysay/karanasan na may kaugnayan rito.<br><br>   | (25 minuto) |
| **D. Paglalahat** | **IKAAPAT NA ARAW**<br><br>**1. Pabaong Pagkatuto**<br>**Sabi Ko.** Isulat ang iyong sasabihin kung ikaw ang nasa situwasyon sa ibaba.<br><br>1. Nakita mong nakatingin lang sa iyo ang iyong mga kaklase,paano mo sasabihin na nais mo silang makilala?<br><br>2. Niyayaya ka ng iyong kaklase na maglaro subalit may iniuutos sai yo ang iyong guro, ano ang sasabihin mo?<br><br>3. Paano mo ibabalita sa iyong mga magulang ang nagin karanasan mo sa iyong unang araw sa paaralan?<br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>**ALAM KO NA!** Magbigay ng mga kahalagahan ng biswal sa ating pang-araw-araw na gawain.<br><br>1. ______________________________<br>2. ______________________________<br>3. ______________________________ | (20 minuto)<br><br><br><br><br><br><br><br><br><br>(40 minuto) |

| | 10 puntos | 9 puntos | 8 puntos |
|---|---|---|---|
| **Nilalaman** | Ang anekdota ay napaka-malaman at makabuluhan; malinaw na nailahad ang pangunahing pangyayari at may malinaw na simula, gitna, at wakas. Ang kwento ay kawili- wili at nagbibigay ng aral. | Ang anekdota ay mahusay na nailahad at malinaw ang pangunahing pangyayari; may simula, gitna, at wakas. Ang kwento ay interesante at nagbibigay ng aral. | Ang anekdota ay hindi masyadong malinaw ang pangunahing pangyayari at kulang sa detalye. Ang kwento ay hindi gaanong kawili-wili at kulang sa aral. |
| **Layon** | Malinaw at kongkreto ang layunin ng anekdota; epektibong naiparating sa mambabasa ang mensahe o aral ng kwento. | Ang layunin ng anekdota ay medyo malinaw; bahagyang naiparating ang mensahe o aral ng kwento | Walang malinaw na layunin ang anekdota; hindi naiparating ang mensahe o aral ng kwento. |
| **Wika** | Wasto at angkop ang paggamit ng wika; walang kamalian sa gramatika, baybay, at bantas. Ang estilo ng pagkakasulat ay angkop sa anekdota | Katamtaman ang paggamit ng wika; may mga kamalian sa gramatika, baybay, at bantas na bahagyang nakakaapekto sa | Hindi angkop ang paggamit ng wika; napakaraming kamalian sa gramatika, baybay, at bantas na hindi na maiintindihan ang kwento. |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | MGA TALA SA GURO |
| --- | --- |

| | | |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br><br>Sumulat ng isang anekdota batay sa ibinigay na paksa. Isaalang-alang ang mga katangian na dapat taglayin ng isang anekdota.<br><br>Pamagat**: "Ang Aking Unang Araw sa Eskuwela** | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | at madali itong basahin at<br>intindihin. | pagkakaintindi ng kwento. | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | |
| **B. Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan. |
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |

| | | |
|---|---|---|
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin? Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin? Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?* | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |

| | | |
|---|---|---|
| | ▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br><br>*Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?* | |